



JOHN SAMPLE
1234 SAMPLE STREET
ADDRESS 2
ANYTOWN CA 90000

XX/XX/XXXX

Mahalagang Paalala sa Iyong Medicare at Medi-Cal

Natatanggap mo ang liham na ito dahil mayroon kang **KAPWANG** Medicare at Medi-Cal. Nagbabago ang paraan kung paano mo makukuha ang pag-aalaga sa kalusugan. Mas marami ka nang mga pagpipilian para matugunan ang mga pangangailangan mo sa pag-aalaga ng kalusugan.

Ang Cal MediConnect ay isang bagong klase ng planong pangkalusugan.

Pag-enroll sa isang planong Cal MediConnect:

- Pinagsasama lahat ng mga benepisyo at mga serbisyo ng Medicare o Medi-Cal na natatanggap mo ngayon sa iisang plano.
- Hindi ito magkakahalaga ng mas malaki sa binabayaran mo ngayon para sa iyong mga benepisyo sa Medicare at Medi-Cal.
- Sinisigurado na lahat ng mga doktor, espesyalista at ibang mga aprubadong tagapagbigay ng Cal MediConnect ay magtutulungan para maibigay sa iyo ang pangangalagang kailangan mo.
- Nagbigay ng karagdagang transportasyon sa mga serbisyong medikal at mga benepisyo sa pagtingin.

Ano ang mga pagpipilian ko?

Ito ang unang liham na nagsasabi sa iyo nang tungkol sa mga bago mong pagpipilian. Makakakuha ka ng pangalawang liham na may mas maraming impormasyon tungkol sa mga pagpipilian mo sa lalong madaling panahon.

1. **Awtomatikong mag-enroll sa planong Cal MediConnect na napili namin para sa iyo.**

Para gawin ito, wala na kayong ibang kailangang gawin pa. Magiging awtomatiko ito.



2. Kung ayaw mong awtomatikong ma-enroll sa planong Cal MediConnect na napili para sa iyo, **DAPAT** mong alinmang kontakin ang Health Care Options sa 1-844-580-7272 o humigit-kumulang sa isang buwan ay padadalhan ka namin ng Form ng Mga Pagpipilian ng Plano na mapupunan mo at ibabalik para pumili ng **isa** sa mga opsyong ito:

- Opsyon A: **Mag-enroll sa ibang Planong Cal MediConnect.**
- Opsyon B: **Panatiliin ang iyong Medicare kung paano ito ngayon AT mag-enroll sa isang planong Medi-Cal.**

Ang ilan ay maaaring maging nararapat sa Program of All-Inclusive Care for the Elderly (PACE).

Ano ang dapat kong gawin ngayon?

- Makipag-usap sa taong may alam tungkol sa iyong mga pangangailangan sa pag-aalaga sa kalusugan, katulad ng iyong pamilya o mga doktor mo tungkol sa mga pagpipilian mo. Tumawag sa California Health Insurance Counseling & Advocacy Program para sa libreng payo sa pangkalusugang insurance sa 1-800-434-0222.
- Bantayan ang mail mo para sa isang pakete mula sa Health Care Options sa tinatayang isang buwan.

Paano ako makakakuha ng tulong o mas marami pang impormasyon?

Kung gusto mong:	Kontak:
<ul style="list-style-type: none"> • Makipag-usap nang libre sa tagapagpayo sa pangkalusugang insurance tungkol sa mga pagbabagong ito at mga napili mo 	<p>California Health Insurance Counseling & Advocacy Program (HICAP) 1-800-434-0222 Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 711</p>
<ul style="list-style-type: none"> • Pumili ng ibang planong Cal MediConnect • Manatili sa regular na Medicare, • Matuto pa tungkol sa PACE, o • Matanggap ang liham na ito sa ibang wika, malaking print, audio, o Braille 	<p>Health Care Options 1-844-580-7272 Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-800-430-7077</p>
<ul style="list-style-type: none"> • Magtanong tungkol sa Medicare 	<p>1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048</p>
<ul style="list-style-type: none"> • Makakuha ng tulong para sa mga problema at reklamo sa planong Cal MediConnect 	<p>Ombudsman ng Cal MediConnect 1-855-501-3077</p>